

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Protektadong mga Karapatan ng Beterano

Ang OFCCP ay Pinoprotektahan ang mga Beterano mula sa Diskriminasyon

Ang Tanggapan ng Mga Programa sa Pagsunod sa Pederal na Kontrata (Office of Federal Contract Compliance Programs o OFCCP) ay ipinatutupad ang mga probisyon ng pagkilos ng pagpapatibay ng Batas ng 1974 sa Pagtulong sa Muling Pagsasaayos ng Mga Beterano sa Panahon ng Vietnam (Vietnam Era Veterans' Readjustment Assistance Act of 1974). Ang batas na ito, na kung minsan ay tinutukoy bilang VEVRAA, ay nangangailangan sa mga amo na nagnenegosyo sa Pederal na Pamahalaan na gumawa ng mga hakbang upang mangalap, kumuha at itaas ang ranggo ng protektadong mga beterano. Ginagawa rin nitong ilegal para sa mga kumpanyang ito na magdiskrimina laban sa protektadong mga beterano kapag gumagawa ng mga desisyon sa trabaho sa pagkuha, pagtanggap, suweldo, mga benepisyo, mga atas sa trabaho, promosyon, pagtanggap sa trabaho, pagsasanay, at iba pang mga aktibidad na may kaugnayan sa trabaho.

1. Ano ang diskriminasyon sa trabaho batay sa on someone's status as a protected veteran?

Ang diskriminasyon sa trabaho batay sa iyong katayuan bilang isang protektadong beterano ay pangkalahatang nangyayari kapag ang isang amo ay itinuturing ka, bilang isang empleyado o aplikante ng trabaho, nang hindi kanais nais dahil kabilang ka sa isa sa mga kategorya ng protektadong mga beterano na sakop sa ilalim ng VEVRAA.

2. Sino ang isang "protektadong beterano" sa ilalim ng VEVRAA?

Ikaw ay isang "protektadong beterano" sa ilalim ng VEVRAA kung kabilang ka sa isa sa mga kategorya ng mga beterano na inilarawan sa ibaba:

- May Kapansanan na Beterano
Ang isang beterano na naglingkod sa aktibong tungkulin sa militar ng Estados Unidos at may karapatan sa kabayaran sa kapansanan (o kung sino ngunit para sa pagtanggap ng retiradong suweldo ng militar ay may karapatan sa kabayaran sa kapansanan) sa ilalim ng mga batas na pinangangasiwaan ng Kalihim ng Kapakanan ng mga Beterano, o na pinalabas o pinalaya mula sa aktibong tungkulin dahil sa isang kapansanan na konektado sa serbisyo.
- Ibang Protektadong Beterano
Isang beterano na naglingkod sa aktibong tungkulin sa Militar ng Estados Unidos sa panahon ng isang digmaan, o sa isang kampanya o paglalakbay kung saan ang isang sagisag ng kampanya ay pinahintulutan sa ilalim ng mga batas na pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Depensa.

- Nahiwalay Kamakailan na Beterano
Isang beterano ang nahiwalay sa loob ng tatlong taong na panahon simula sa petsa ng paglabas o paglaya ng beterano sa aktibong tungkulin sa militar ng Estados Unidos.
- Medalya ng Serbisyo ng Sandatahang Lakas na Beterano
Isang beterano na, habang naglilingkod sa aktibong tungkulin sa militar ng Estados Unidos, ay lumahok sa isang operasyong militar ng Estados Unidos na tumanggap ng medalya sa serbisyo ng Sandatahang Lakas.

Para sa ilang Pederal na mga kontrata at pangalawahing kontrata na ipinasok bago Disyembre 2003, ang mga kategorya ng protektadong mga beterano sa ilalim ng VEVRAA ay bahagyang naiiba. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa kung ang iyong serbisyo sa militar ay ginagawa kang kwalipikado bilang isang protektadong beterano, dapat kang makipag-ugnayan sa OFCCP sa pamamagitan ng alinman sa impormasyon ng pakikipag-ugnayan na ibinigay sa ibaba.

3. Sino ang pinoprotektahan ng OFCCP?

Ang OFCCP ay pinoprotektahan ang mga karapatan ng mga aplikante ng trabaho at mga empleyado ng mga kontratista at pangalawahing kontratista ng Pederal na Pamahalaan. Kabilang dito ang mga empleyado sa mga bangko, mga kompanya ng teknolohiya ng impormasyon, mga planta ng pag-iimpake ng karne packing, nagtitinding tindahan, mga planta ng gumagawa, mga kompanya ng accounting, at mga kompanya ng konstruksiyon, kabilang sa iba.

4. Ano ang aking mga karapatan bilang isang protektadong beterano?

Bilang isang protektadong beterano sa ilalim ng VEVRAA, mayroon kang karapatang magtrabaho sa isang kapaligiran na walang diskriminasyon. Hindi ka maaaring tanggihan ng trabaho, maligaligan, ibaba sa posisyon, tinanggal, binayaran ng mas mababa o tratuhin ng hindi maganda dahil sa iyong pagiging beterano.

Kung ikaw ay isang empleyado at isang beterano na may kapansanan maaari kang humiling ng isang "makatuwirang akomodasyon." Ang isang makatuwirang akomodasyon ay isa na nagpapahintulot sa iyo na maisagawa ang iyong trabaho, at dapat na ibigay ng



iyong amo maliban kung ang paggawa nito ay magdudulot ng makabuluhang kahirapan o gastusin sa amo.

Katulad nito, kung ikaw ay isang beterano na may kapansanan na nag-aaplay para sa isang trabaho, ang amo ay dapat bigyan ka ng makatuwirang akomodasyon sa panahon ng proseso ng aplikasyon upang payagan kang mag-aplay at maisasaalang-alang para sa trabaho. Muli, ang makatuwirang akomodasyon ay dapat ibigay maliban kung ito ay magiging napakahirap o masyadong mahal upang gawin ito.

5. Ano ang “makatuwirang akomodasyon”?

Ang “makatuwirang akomodasyon” ay isang pagsasaayos o pagbabago na ginawa sa lugar ng trabaho o ang karaniwang paraan ng pagsasagawa ng isang trabaho na nagpapahintulot sa may kapansanan na beterano na gampanan ang mga tungkulin ng trabaho, o matamasa ang mga benepisyo at pribilehiyo ng trabaho. Ang isang makautwirang akomodasyon ay hindi binabago ang mahahalagang mga tungkulin ng trabaho. Ang isang amo ay dapat ding gumawa ng isang makatuwirang akomodasyon na magpapahintulot sa isang beteranong may kapansanan na naghahanap ng isang trabaho na makapag-aplay para sa trabaho.

Ang iyong amo ay maaaring piliin ang uri ng makatuwirang akomodasyon na magagamit; gayunpaman, ang akomodasyon ay dapat na epektibo. Halimbawa, ang iyong amo ay maaaring piliin na magbigay ng isang rampa sa halip na elebeytor upang matugunan ang mga isyu sa aksesibilidad.

Ang higit na impormasyon kung paano humiling ng isang makatuwirang akomodasyon ay makukuha sain <https://www.dol.gov/ofccp/posters/ReasonableAccommodationPocketCard/index.htm>.

6. Ano ang ilang halimbawa ng “makatuwirang akomodasyon” na maibibigay ng mga amo sa proseso ng pagtanggap at kalaunan ay para tumulong sa pagsasagawa ng trabaho?

Ang makatuwirang akomodasyon ay maaaring magkaroon ng maraming mga anyo. Naglista kami ng ilan sa pangkaraniwang mga akomodasyon sa ibaba.

- Pagbibigay ng nakasulat na mga materyal sa naa-access na pormat, tulad ng malaking print, Braille, o audiotape.
- Pag-aayos o pagbabago ng mga iskedyul ng trabaho.
- Pagbibigay sa mga mambabasa o mga tagasalin ng wikang pasenyas.
- Pagdaraos ng pangangalap, mga interbyu, pagsusulit, at iba pang mga bahagi ng proseso ng aplikasyon sa mga lokasyon na naa-access.
- Pagdaraos ng mga pagpupulong ng mga tauhan sa mga lokasyon na naa-access.
- Pagbibigay o pagbabago ng kagamitan at mga aparato.

- Pag-aayos o pagbabago ng mga patakaran at pamamaraan.

- Pagbabago ng kapaligiran ng trabaho sa mga paraan na napapabuti ang aksesibilidad.

Paghahanap ng mga Oportunidad sa Trabaho

7. Saan ako makakakuha ng mga serbisyo sa trabaho na makakatulong sa akin na makahanap ng trabaho?

Kabilang sa mga mapagkukunan na magagamit para matulungan ang mga beterano sa paghahanap ng trabaho o iba pang mga serbisyo ay:

1. Ang mga tanggapan ng serbisyo sa lokal na trabaho o Mga Sentro ng Trabaho sa Amerika, na nag-aalok ng mga serbisyo sa mga beterano kabilang ang pagpapalano ng karera, mga mapagkukunan ng paghahanap ng trabaho, pagsasanay, at pagbibigay ng sangguni sa mga amo na nangangalap. Maaari mong mahanap ang tanggapan ng serbisyo sa lokal na trabaho o Sentro ng Trabaho sa Amerika na pinakamalapit sa iyo sa <http://www.careeronestop.org/localhelp/local-tulong.aspx>. Itinataguyod ng Kagawaran ng Paggawa ang Web site na ito.
2. Ang Pambansang Direktoryo ng Mapagkukunan (National Resource Directory o NRD) ay isang Web site para sa pagkonekta ng mga beterano at kanilang pamilya sa iba't ibang mga organisasyon na may mga programa ng pagtulong partikular para sa mga beterano. Ang NRD ay nagbibigay ng daan sa mga pagkakataon sa trabaho, impormasyon ng benepisyo, at mga pagkakataon sa edukasyon at pagsasanay. Ang Kagawaran ng Paggawa, sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Depensa, ang Kagawaran ng Kapakanan ng mga Beterano, at ang mga Serbisyong Militar, ay nagtataguyod ng Web site na ito. Ang NRD ay matatagpuan online sa <https://www.nationalresourcedirectory.gov/>.

8. Kinakailangan ba ng VEVRAA ang Pederal na mga kontratista na gumawa ng partikular na mga aksyon upang mangalap ng protektadong mga beterano?

Ang mga pederal na mga kontratista ay dapat maglista ng mga pagbubukas ng trabaho sa tanggapan ng serbisyo sa lokal na trabaho o Mga Sentro ng Trabaho sa Amerika upang ang protektadong mga beterano ay maaaring makatanggap ng prayoridad na pagbibigay sangguni para sa kanilang mga pagbubukas ng trabaho. Ang lahat ng mga estado ay may online na job bank kung saan maaaring ilita ng mga amo ang kanilang mga pagbubukas at ang mga naghahanap ng trabaho ay maAngaaring maghanap ng trabaho. Upang makahanap ng lokal na mga listahan ng trabaho bisitahin ang <http://careeronestop.org/>. Bilang karagdagan, ang mga amo ay hinihikayat na gumawa kasama ang mga grupo ng lokal na mga beterano upang makapangalap ng kwalipikadong mga beterano.

9. Ang protektadong mga beterano ba ay tumatanggap ng kagustuhan kapag kinukuha?

Ang Pederal na Pamahalaan ay karaniwang nagbibigay ng isang kagustuhan sa pagkuha sa mga beterano na may kapansanan, at mga beterano na naglingkod sa aktibong tungkulin sa Sandatahang Lakas sa ilang mga panahon o sa mga kampanya ng militar, kapag kumukuha para sa mga trabaho ng gobyerno. Pribadong mga amo,

kabilang ang mga nagnenegosyo sa Pederal na Pamahalaan, ay hindi kailangang magbigay ng isang kagustuhan sa pagkuha para sa mga beterano.

Ang mga batas sa kagustuhan ng mga beterano ay hindi ginagarantiyahan ang mga beterano ng trabaho at hindi nila binibigyan ang mga beterano ng kagustuhan sa panloob na mga pagkilos ng ahensya tulad ng pagtaas ng ranggo, paglilipat, muling pagtatalaga, at pagpapabalik sa dating tungkulin.

10. Maaari bang mag-alok sa akin ang isang amo ng mas mababang suweldo o magbayad sa akin ng mas mababa kaysa sa iba pang mga empleyado na gumagawa ng parehong trabaho dahil tumatanggap ako ng pensiyon sa militar?

Hindi, ang isang amo ay hindi maaaring bawasan ang iyong suweldo o magbayad sa iyo ng mas mababa dahil nakatanggap ka ng pensiyon sa military.

Pagsasampa ng isang Reklamo

11. Ano ang magagawa ko kung naniniwala ako na ang amo ko ay nagdiskrimina laban sa akin dahil sa aking katayuan bilang isang protektadong beterano?

Maaari kang magsampa ng isang reklamo sa OFCCP. Hindi mo kailangang malaman nang may katiyakan na ang iyong amo ay isang pederal na kontratista o pangalawahing kontratista upang magsampa ng isang reklamo.

12. Paano ako magsasampa ng isang reklamo sa OFCCP?

Maaari kang magsampa ng reklamo na tungkol sa diskriminasyon sa pamamagitan ng:

- Pagkumpleto at pagsumite ng isang form online sa pamamagitan ng Web site ng OFCCP; o
- Pagkumpleto ng isang form nang personal sa isang tanggapan ng OFCCP; o
- Pagpapadala sa koreo, pag-i-email, o pagpa-fax ng isang nakumpletong form sa rehiyonal na tanggapan ng OFCCP na sumasaklaw sa lokasyon kung saan naganap ang ipinaratang na diskriminasyon.

Ang form ay makukuha online sa <https://www.dol.gov/ofccp/regs/compliance/pdf/pdfstart.htm> at sa pormat ng papel sa lahat ng mga tanggapan ng OFCCP. Upang mahanap ang tanggapan na pinakamalapit sa kung saan ka nakatira, bisitahin ang online na listahan ng mga tanggapan ng OFCCP sa: www.dol.gov/ofccp/contacts/ofnaton2.htm.

Dapat mong tandaan na lagdaan ang iyong nakumpletong form ng reklamo. Kung hindi mo ito nagawa, tatanggapin pa rin ng OFCCP ang iyong reklamo ngunit ang isang imbestigador ng OFCCP ay hihiling sa iyo na lagdaan ang form habang may pagsubaybay na panayam. Ang mga reklamo na nagpaparatang ng diskriminasyon batay sa kapansanan ay dapat isampa sa loob ng 300 araw mula sa petsa ng ipinaratang na diskriminasyon, maliban kung ang oras ng pagsampa ay pinalawig para sa mabuting dahilan.

Maaari ka ring magsampa ng isang reklamo sa Serbisyo sa Trabaho at Pagsasanay ng Beterano sa Kagawaran ng Paggawa o isang Kinatawan sa Trabaho ng Lokal na Beterano sa tanggapan ng serbisyo sa lokal na trabaho o Sentro ng Trabaho sa Amerika. Ang mga reklamong ito ay ililipat sa OFCCP.

13. Maaari ba akong tanggalin, ibaba sa posisyon, o tratuhin nang hindi maganda ng aking amo dahil nagsampa ako ng reklamo?

Hindi. Ilegal para sa iyong amo na gumanti laban sa iyo dahil sa pagsasampa ng reklamo o lumalahok sa isang imbestigasyon. Ang mga regulasyon ng OFCCP ay nagpoprotekta sa iyo mula sa pagliligalig, pananakot, mga pagbabanta, pamimilit, o paghihiganti sa paggigiit ng iyong mga karapatan.

14. Ano ang mangyayari kung may pagtuklas na naging biktima ako ng diskriminasyon sa trabaho?

Maaari kang magkaroon ng karapatan sa isang lunas na naglalagay sa iyo sa posisyon mo sana kung hindi pa nangyari ang diskriminasyon. Maaari kang magkaroon ng karapatang tanggapin, itaas sa posisyon, ibalik sa dating tungkulin, o muling ipatatalaga. Maaari ka ring magkaroon ng karapatang tumanggap ng natagalang kabayaran, paunang bayad, pagtaas ng suweldo, o ilang kombinasyon ng mga na lunas ito. Bilang karagdagan, kung nakikita ng OFCCP na ang pederal na kontratista o pangalawahing kontratista ay lumabag sa VEVRAA, maaaring hangarin ng OFCCP na hadlangin o alisin ang kumpanya mula sa pagsasaalang-alang para sa hinaharap na pederal na mga kontrata o kanselahin ang kasalukuyang mga kontrata o pagbabago sa kontrata ng kumpanya.

Para sa higit pang impormasyon:
Ang Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos
Tanggapan ng Mga Programa sa Pagsunod sa Pederal na Kontrata
200 Constitution Avenue, NW Washington,
D.C. 20210
1-800-397-6251
TTY: 1-877-889-5627
www.dol.gov/ofccp

Mangyaring tandaan na ang piraso ng katotohanang ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilayong palitan ang aktuwal na batas at mga regulasyon tungkol sa programang inilarawan dito.